Corinne A. Ignacio
BS Chemistry - Materials Science and Engineering
Class of 2026

Isang mapagpalayang umaga po sa ating lahat!

Bago po ako magsimula, nais ko pong magbigay ng isang taos-pusong pagbati sa ating mga panauhing pandangal.

Isang mainit na pagtanggap po para kina:

- Fr. Bill Kreutz, ang butihing *Founder* ng AASA;
- Atty. Ferdie Zuñiga, ang kapita-pitagang miyembro ng BOD at Corporate Secretary ng ASF, Inc.; at
- Ma'am Lorna Datiles, ang masigasig na Pangulo ng AASA.

Malugod rin po nating binabati ang lahat ng AASA BOD members, ang ating mga Alumni Scholars na nagmula pa sa iba't ibang panig ng Pilipinas maging ng ibang bansa, at syempre, ang aking kapwa scholars na magsisipagtapos.

Maraming salamat po sa pagpapaunlák sa aming paanyaya, at ikinararangal po namin ang inyong mga presensya.

…

Alam nyo po ba, noong pinaghahandaan ko po ito, para po akong naglilihi, sabik po kasi akong mahanap ang mga tamang salitang kayang i-*satisfy* ang *craving*s kong maipahayag ang nasa aking puso.

At sa pagmumuni-muni, naitanong ko: *Sino nga bang makapagsasabi na ang batang ipinaglihi sa isang Atenista ay magiging isa ring ganap na Atenista?*

Opo, tama po ang inyong narinig. Ipinaglihi po ako ni Mama sa isang Atenista.

Noong 2002, residente po kami ng Barangay Loyola Heights; si Mama ay isang sidewalk vendor at si Papa naman po ay isa sa mga construction workers na nagtayo ng Church of Gesù.

Napag-alaman ko pong natapos ang simbahan noong July 2003—ang buwan at taon kung kailan ako ipinanganak.

*Coincidence*? Posible. Ngunit para sa batang narinig ang kuwentong iyon, isang paniniwala ang taimtim kong pinanghawakan—baka itinadhana akong maging Atenista.

Para sa pamilyang isang kahig, isang tuka, suntok sa buwan ang pangarap na ito dahil ang Ateneo ay tila isang bituing kaya lamang tanawin, ngunit kailanma'y hindi kayang abutin.

Kaya naman, hindi ko malilimutan ang araw na natanggap ko ang pinakamahalagang regalo sa aking buhay. Kalakip nito ang mga katagang:

*"Dear Cors,*

*Congratulations, and welcome to Ateneo!"*

Paulit-ulit ko itong binasa at ninamnam. **Sa wakas, isa na akong Atenista.**

Ngunit hindi pala doon nagtatapos ang laban. Sa loob ng aming munting bahay, may isang batang maya't mayang nililingon ang cellphone sa bintana na tila ba doon nakasalalay ang lahat.

Sa harap ng lumang laptop na mayroong Zoom meeting, magpapanggap siyang ayos lang ang lahat; at maya-maya lamang, muli siyang madi-*disconnect.*

Noong mga oras na ‘yon, batid kong hindi lamang *data connection* ko ang humina—*pati na rin ang loob at kakayahan kong mangarap.*

Akala ko, iyon na po ang pinakamahirap. Hindi pa pala.

Dumating po ang mas matinding dagok nang magkaroon ng *brain tumor* ang aking Ate Colin.

Hanggang ngayon, sariwa pa rin sa akin ang larawan ng isang bunsong pilit na nagsasagot ng final exams sa Calculus at Chemistry habang nakaupo sa labas ng ICU. Dalawa lang po ang dasal ko noon: nawa'y magising pa si Ate, at magising din ako kung sakaling panaginip lamang ang lahat.

Masakit man, naging mas matimbang ang obligasyong maging anak kaysa maging estudyante; kailangan ko munang isantabi ang regalong matagal kong inasam.

Akala ko noon, doon na magtatapos ang kuwento ko bilang Atenista. Ngunit may mga kuwentong hindi hinahayaang matapos ng Diyos sa gitna ng pinakamadilim na kabanata.

Makalipas ang isang taon, bumalik po ako bilang isang Freshie 2.0.

August 13, 2022. Ito ang unang beses na tumapak ako sa campus. Nakasama ko po ang itinuturing kong ikalawang pamilya—kayo—ang AASA.

Sa araw na iyon, pakiramdam ko ay muli kong binuksan ang isang regalong matagal kong

isinantabi. Ang regalo ng edukasyon.

Ang regalo ng pag-asa.

At higit sa lahat, ang regalo ng mga taong patuloy na naniwala sa akin at hindi ako sinukuan. *Hindi kami sinukuan.*

Opo, hindi lamang ako ang nakatanggap ng regalong ito. Marami po kami, *marami po tayo.*

At alam ko, na sa bawat regalong matatanggap, sapat na ang isang salitang tila musika para sa isang pusong mapagbigay; ang salitang: **Salamat**.

Isang makapangyarihang salita na may kakayahang pagbuklurin ang iba't ibang mukha ng biyaya. Tulad na lamang ngayon. ***Gathered by Gratitude.*** Ang sarap pong pakinggan, hindi po ba?

Sigurado, sa araw na ito, uulan ng salitang *salamat.*

Salamat, mula sa isang batang nangarap lamang na makatapos.

Salamat, mula sa isang anak na nawalay sa pamilya at ikinupkop ng AASA.

Salamat, mula sa isang magulang na mag-isang tinaguyod ang kanyang anak.

Salamat, mula sa isang iskolar na hindi hinayaang magutom.

Salamat, mula sa isang nangagarap na maging doktor.

Salamat, mula sa isang batang nais lamang mabuhay.

Kaya sa kapuwa ko *scholars,* huwag sana nating hayaang dito magtapos ang ating kuwento.

Dahil balang araw,
Tayo naman ang magiging kamay na mag-aabot.
Tayo naman ang magiging sagot sa mga panalanging minsang tayo rin ang bumigkas.

At sa araw na iyon,
kapag may isang batang muling nangarap;
kapag may isang pamilyang muling naniwala;
at
kapag may isang pusong muling tumibok dahil sa pag-asa—

Sariwain nawa natin ang mga salitang binigyan-diin ni Father Jett:
*"We give because we have also received, and we know all*

*this is gift."* Dahil siya pong tunay—ang lahat ng ito ay

regalo. Biyaya. At tulad po ng tanong na sinimulan ko,

*Sino nga bang makapagsasabi*
*na ang batang ipinaglihi sa isang*
*Atenista ay magiging isa ring*
*ganap na Atenista?*

Sa totoo lang, wala hong makapagsasabi. Hanggang ngayon ay hindi ko pa rin po kilala ang batang pinaglihian sa akin ni Mama.

Hindi ko po alam ang hulma ng kanyang mukha, pero may isang bagay po akong napagtanto. Dito, nakatitiyak po ako.

Ang mga mukhang nakikita ko po ngayon; kayo—**Kayo po ang wangis ng Atenistang dapat tularan at lubos na pasalamatan.**

Ako po si Corinne A. Ignacio, isang proud Fr. Jett Villarin, SJ Endowment AASA Scholar. Muli, maraming salamat po at isang mapagpalayang araw po sa inyong lahat.